

# Paunawa sa Publiko

Ang pagboto sa opisina para sa Gubernatoryal na Pangkalahatang Eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre, 2018 ay magsisimula sa Lunes, Ika-8 ng Oktubre, 2018 at magpapatuloy hanggang sa Araw ng Eleksyon sa Martes, Ika-6 ng Nobyembre, 2018. Sa panahong ito, ang opisina ay magbubukas para sa pagboto Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon; Sabado, Ika-3 ng Nobyembre at Linggo, Ika-4 ng Nobyembre, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon; at ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Martes, Ika-6 ng Nobyembre, Araw ng Eleksyon.

Ang beripikasyon ng pirma ay inaasahang magsimula sa Ika-15 ng Oktubre.

Ang pagbubukas at paghahanda ng mga balotang pangkoreo para sa computer tabulation ay magsisimula sa o pagkatapos ng Ika-23 ng Oktubre.

Ang mga resulta ng pagboto ay ipapahayag sa mga sumusunod na iskedyul:

- Pagkatapos ng ika-8 ng gabi, Martes, Ika-6 ng Nobyembre (kasunod ng pagsara ng botohan sa Araw ng Eleksyon)
- Sa ika-5 ng hapon, Huwebes, Ika-8 ng Nobyembre hanggang Biyernes, Ika-16 ng Nobyembre
- Maaaring magkaroon ng mga karagdagang pahayag ayon sa pagpapasya ng Tagapagrehistro ng mga Botante

Ang lahat ng mga resulta ay hindi opisyal hanggang sa pagkumpleto ng opisyal na pagbilang ng eleksyon sa o bago ang Ika-6 ng Disyembre.

Kung nais ninyong obserbahan ang alinman sa mga proseso na inilarawan sa itaas, mangyaring kontakin kami sa 858-565-5800.